# DV-700-INFO T Paano Ko Hihilingin sa Korte na I-renew ang Aking Kautusan sa Pagpigil?

## Ano ang ibig sabihin ng "i-renew"?

Nangangahulugan ito na papalawigin ang iyong kasalukuyang kautusan sa pagpigil (form DV-130). Kung na-renew, papalawigin ito ng hukom nang hindi bababa sa limang taon, o gagawing permanente ang kautusan (walang expiration).

## Kailan ako hihiling ng pag-renew?

Dapat mong hilingin na i-renew ang iyong kautusan sa pagpigil bago mag-expire ang iyong kasalukuyang kautusan sa pagpigil. Ang petsa ng pag-expire ay nakalista sa unang pahina ng iyong kasalukuyang kautusan sa pagpigil. Maaari mong gawin ang kahilingan hanggang sa tatlong buwan bago mag-expire ang iyong kautusan. Bigyan ang iyong sarili ng sapat na oras, kung maaari, upang masagutan at maihain ang lahat ng kinakailangang papeles bago mag-expire ang iyong kautusan.

## Paano kung gusto kong mag-renew ng pangkabataang kautusan sa pagpigil sa Korteng Pampamilya?

Kung mayroon kang pangkabataang kautusan sa pagpigil (sa form JV-255 o JV-265), na batay sa karahasan sa tahanan at sarado na ang kasong pangkabataan, maaari mong hilingin sa hukom na i-renew ang iyong kautusan sa pagpigil. Ang iyong kautusan sa pagpigil ay batay sa karahasan sa tahanan kung ipinagkaloob ito upang protektahan ka o ang iyong anak mula sa isa pang magulang, o upang protektahan ka mula sa taong naka-date mo o naging malalim na ka relasyon mo. Kung hindi ka sigurado kung ang iyong pangkabataang kautusan sa pagpigil ay batay sa karahasan sa tahanan, makipag-usap sa iyong abogado. Kung wala kang abogado, maaaring makatulong sa iyo ang iyong lokal na self-help center. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*.

## May bayad ba sa korte ang paghingi ng pag-renew?

Wala.

## Kakailanganin ko bang pumunta sa korte?

Oo, kung humingi ka ng renewal, makakakuha ka ng petsa sa korte. Sa iyong pagdinig sa korte, tatanungin ka ng hukom kung bakit mo gustong ma-renew ang iyong kautusan sa pagpigil. Kung hindi ka dadalo sa iyong pagdinig, hindi mare-renew ang iyong kautusan sa pagpigil.

## Paano kung gusto ko ring baguhin (ibahin) ang aking kautusan sa pagpigil?

May isa pang proseso para hilingin na baguhin ang iyong kautusan sa pagpigil. Kung hihilingin mong ma-renew ang iyong kautusan sa pagpigil, at hihilingin din na baguhin ang iyong kautusan sa pagpigil, maaari mong hilingin sa hukom na pagpasyahan ang dalawang kahilingan nang sabay. Para sa impormasyon kung paano humiling na baguhin ang iyong order, basahin ang form DV-400-INFO, *Paano Ko Hihilingin na Baguhin o Tapusin ang Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan Pagkatapos ng Pagdinig?*

## Paano kung ang nag-expire ang aking restraining order ngunit gusto ko pa rin ng proteksyon?

Hindi ka kuwalipikado para sa pag-renew kung hindi mo naihain ang iyong kahilingan sa pag-renew bago mag-expire ang iyong kautusan sa pagpigil. Maaari ka pa ring humingi ng proteksyon sa pamamagitan ng paghahain ng isa pang kahilingan para sa kautusan sa pagpigil. Para sa karagdagan pang impormasyon, basahin ang form DV-505-INFO, *Paano Humiling ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan*.

## Paano kung na-renew na dati ang aking kautusan sa pagpigil? Maaari ko bang hilingin na ma-renew ito muli?

Oo, maaaring i-renew ng hukom ang iyong kautusan sa pagpigil nang higit sa isang beses. Sundin ang mga hakbang sa susunod na pahina para humingi ng pag-renew.

## Paano kung lumipat ako at gusto kong ihain ang aking kahilingan sa pag-renew sa ibang county?

Kung gusto mong ihain ang iyong kahilingan sa ibang county sa California, maaari mong hilingin sa hukom ng iyong kaso na ilipat (i-transfer) ang iyong kaso. Tinatawag itong pagpapalit ng venue. Para sa karagdagan pang impormasyon kung paano gawin ang kahilingang ito, maaaring makatulong sa iyo ang iyong lokal na self-help center o kumontak ng abogado para sa payo.

## Mga hakbang para humingi ng pag-renew

1. **Kumpletuhin ang dalawang form:**
   - Form DV-700, *Kahilingan sa Pag-renew ng Kautusan sa Pagpigil*; at
   - Form DV-710, *Abiso ng Pagdinig upang Mag-renew ng Kautusan sa Pagpigil* (item 1 at 2 lang).

2. **Ihain ang mga form sa korte**

   Ihain ang dalawang form sa clerk ng korte. Siguraduhing magsama ng isang kopya ng iyong kasalukuyang kautusan sa pagpigil (form DV-130, JV-255, o JV-265) kasama ng form DV-700. Maaari kang maghain nang personal o nang elektroniko. Para sa karagdagan pang impormasyon kung paano o saan maghahain, pumunta sa website ng korte.

3. **Kunin ang mga papeles mo sa korte**

   Siguraduhing makakakuha ka ng hindi bababa sa dalawang kopya: isa para sa iyo at isang naihatid sa taong pinipigilan.

4. **Mahatiran ng mga papeles ang taong pinipigilan**

   Dapat mayroon kang adult na personal na magbibigay ng kopya ng lahat ng papeles ng korte (lahat ng form na nakalista sa form DV-710, item 5) sa tao na gusto mong gawan ng kautusan sa pagpigil laban sa kaniya. Hindi ito maaaring ikaw o sinumang nakalista sa kautusan sa pagpigil. Pagkatapos, dapat kumumpleto ang tagapaghatid ng patunay ng paghahatid (form DV-200). Gumawa ng kopya ng nakumpletong form DV-200 at ihain ito sa korte.

   Maaaring maging mapanganib na sitwasyon ang paghahatid ng mga papeles. Kung gusto mong ihatid ng sheriff ang iyong mga papeles, gagawin niya ito nang libre. Kung gusto mong ihatid ng sheriff ang iyong mga papeles, kumpletuhin ang form SER-001, *Kahilingan upang Ihatid ng Sheriff ang mga Papeles ng Korte*. Bigyan ang sheriff ng kopya ng nakumpletong form at lahat ng papeles na kailangang ihatid sa kabilang bahagi (lahat ng form na nakalista sa form DV-710, item 5). Para sa karagdagan pang impormasyon sa paghahatid, pumunta sa *https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/renew/sheriff-serves*.

   Kung hindi mo mahahatiran ang taong pinipigilan bago ang iyong pagdinig sa korte, kakailanganin mong hilingin sa hukom na muling maiskedyul ang iyong pagdinig sa korte. Sagutan at ihain ang mga form na DV-715 at DV-716. Ire-review ng hukom ang iyong kahilingan at magpapasya kung muling maiiskedyul ang iyong pagdinig sa korte. Kung hindi ka nakatanggap ng pirmadong kopya ng form DV-716 mula sa hukom bago ang iyong petsa ng korte o tinanggihan ng hukom ang iyong kahilingan na muling maiskedyul ang iyong pagdinig, dapat kang dumalo sa iyong petsa ng korte (nakalista sa form DV-710 o DV-716) kung gusto mo pa ring ma-renew ang iyong kautusan sa pagpigil.

5. **Maghanda at dumalo sa iyong pagdinig sa korte**

   Sa iyong pagdinig sa korte, magpapasya ang hukom kung ipagkakaloob ang iyong kahilingan na ma-renew ang iyong kautusan sa pagpigil. Ang kailangan mong patunayan sa iyong pagdinig sa korte ay depende sa kung dadalo ang kabilang panig sa pagdinig:
   - Kung hindi dumalo sa pagdinig ang taong pinipigilan, maaaring i-renew ng hukom ang iyong kautusan sa pagpigil batay lang sa iyong kahilingan.
   - Kung dumalo ang taong pinipigilan sa pagdinig at hindi sumasang-ayon sa pag-renew, dapat mong patunayan na mayroon kang makatwirang takot o alalahanin na may sapat na panganib ng higit pang pang-aabuso kung hindi mare-renew ang kautusan. Ang higit pang pang-aabuso ay maaaring iba sa pang-aabuso na nagbunsod sa iyong kautusan sa pagpigil. Ngunit hindi mo kailangang patunayan na inabuso ka ng tao dahil may bisa naman na ang kautusan sa pagpigil. Maaaring sapat na ang pang-aabuso na nagbunsod sa iyong kautusan sa pagpigil upang ma-renew ito.

   Sa pagdinig, magkakaroon ka at ang kabilang panig ng pagkakataon na sabihin ang pananaw mo sa pangyayari. Magdala ng anumang katibayan o mga saksi na mayroon ka.

   Kung ayaw mong dumalo nang personal sa iyong pagdinig sa korte, pumunta sa website ng korte upang malaman pa ang impormasyon tungkol sa pagdalo sa pamamagitan ng telepono o videoconference. Para sa impormasyon sa iyong pagdinig sa korte, pumunta sa *https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/renew/court*.

# DV-700-INFO T Paano Ko Hihilingin sa Korte na I-renew ang Aking Kautusan sa Pagpigil?

## Paano kung i-renew ng hukom ang aking kautusan sa pagpigil?

1. Kakailanganin mong ipapirma sa hukom ang form DV-730, *Kautusan sa Pag-renew ng Kautusan sa Pagpigil ng Karahasan sa Tahanan*. Kung hindi makukumpleto ng korte ang form na ito para sa iyo, siguraduhing kukumpletuhin mo ito at ibibigay sa klerk ng korte. Kontakin ang self-help center ng korte kung kailangan mo ng tulong.

2. Kakailanganin mong kumuha ng mga kopya ng form DV-730, kapag napirmahan na ito ng hukom. Tanungin ang clerk ng korte kung kailan magiging handa ang iyong mga form. Walang fee para sa pagpapasa ng form na ito, at dapat kang makatanggap ng ilang libreng kopya.

3. Tingnan ang form DV-730 upang malaman kung inutusan ka ng hukom na ihatid ang form sa pamamagitan ng mail o sa personal. Kung inutusan kang ihatid ang form sa pamamagitan ng mail, nangangahulugan ito na kailangan lang magpadala ang iyong tagapaghatid ng kopya ng kautusan sa pagpigil. Ngunit pinakamainam pa rin ang paghahatid sa personal. Kapag nag-mail ka ng mga papeles ng korte, maaaring mahirap patunayan na nakatanggap talaga ng kopya ang tao, lalo na kung palipat-lipat ang tao na ito. Alamin pa ang tungkol sa paghahatid sa *https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/renew/serve-order*.

## Saan ako makakakuha ng libreng tulong?

May libreng legal na tulong sa self-help center ng iyong korte. Hanapin ang self-help center ng iyong lokal na korte sa *www.selfhelp.courts.ca.gov/find*. Hindi kikilos ang mga staff ng self-help center bilang abogado mo ngunit maaari silang makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Maaari ka ring i-refer ng staff sa mga ibang ahensya na maaaring makatulong sa iyo.

## Paano kung kailangan ko ng interpreter?

Maaari mong gamitin ang form INT-300 upang humiling ng interpreter o magtanong sa clerk kung paano ka makakahiling nito.

## Paano kung may kapansanan ako at kailangan ng akomodasyon?

Maaari mong gamitin ang form MC-410 upang humiling ng tulong. Kontakin ang disability/ADA coordinator sa iyong lokal na korte para sa karagdagan pang impormasyon.

## Kahilingan para sa Akomodasyon

Available ang mga assistive listening system, computer-assisted real-time captioning o mga serbisyo ng interpreter ng sign language kung hihiling ka nang hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig. Kontakin ang opisina ng clerk o pumunta sa *www.courts.ca.gov/forms.htm* para sa Kahilingan ng Akomodasyon sa Kapansanan (form MC-410). (Seksyon 54.8 ng Kodigo Sibil)

## Available din online ang impormasyon tungkol sa prosesong ito

*https://selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/renew*

## Paano kung nag-aalala ako para sa aking kaligtasan?

Ang National Domestic Violence Hotline ay nagbibigay ng libre at mga pribadong tip sa kaligtasan. Available ang tulong araw-araw, 24 oras, at sa mahigit 100 na mga wika. Bisitahin online sa *www.thehotline.org* o tumawag sa 1-800-799-7233; 1-800-787-3224 (TTY).



I-print ang pormang ito | I-save ang pormang ito